

Pagpapalakas ng panunumbalik ng hustisya sa Alberta

Nobyembre 06, 2024 [Mga katanungan sa media](#)

Ang gobyerno ng Alberta ay namumuhunan ng \$720,000 upang palakasin ang mga programa sa pagpapanumbalik ng hustisya.

Bukas na ngayon ang mga aplikasyon para sa mga non-profit na organisasyon at munisipalidad na nakabase sa Alberta upang ma-akses ang \$720,000 sa pagpopondo ng panunumbalik ng hustisya. Sinusuportahan ng grant na ito ang mga inisyatiba na naglalayong lutasin ang mga hindi pagkakaunawaan sa labas ng pormal na sistema ng hukuman, na nagreresulta sa makabuluhang mga resolusyon at pagsasama-sama ng komunidad. Itinataguyod ng panunumbalik ng hustisya ang pananagutan, pagpapagaling at pagkakasundo sa pamamagitan ng paghikayat sa lahat ng sangkot sa isang krimen na magkatuwang na talakayin ang mga epekto ng krimen at gumawa ng mga hakbang upang ayusin ang pinsalang dulot nito.

“Ang panunumbalik ng hustisya ay isang mahalagang bahagi ng ating sistema ng hustisya. Nagbibigay ito ng mga pagkakataon para sa mga napinsala at sa mga nagdulot ng pinsala na maging aktibong kalahok sa kanilang paglalakbay tungo sa hustisya, pananagutan at pagkakasundo. Ang Alberta Restorative Justice Grants ay magbibigay ng kapangyarihan sa mga komunidad na bumuo at magpatupad ng mga programang nagdudulot ng positibong resulta para sa lahat ng kasangkot.”

Mickey Amery, Ministro ng Hustisya at Attorney General

Ang mga karapat-dapat na aplikante kabilang ang mga koalisyon na nakabase sa komunidad, mga rehistradong non-profit, mga katutubong komunidad, komite ng hustisya ng kabataan at munisipalidad ay maaaring mag-aplay para sa mga indibidwal na gawad hanggang \$50,000.

Bukas ang magi aplikasyon hanggang Disyembre 6.

Mga mabilisang kaalaman

Ang mga aplikante ay dapat na matatagpuan sa Alberta at isa sa mga sumusunod:

- rehistradong non-profit na organisasyon at/o rehistradong kawanggawa (nasa magandang katayuan)
- mga koalisyon na nakabase sa komunidad at mga grupo na may itinalagang ahente sa pananalapi
- Mga katutubong komunidad, kabilang ang mga banda at konseho ng tribo
- Ang mga komite ng hustisya ng kabataan na kasalukuyang tumatanggap ng pondo para sa kanilang pangunahing trabaho ay karapat-dapat na mag-aplay, ngunit para lamang sa mga aktibidad na hindi kasalukuyang pinopondohan ng ministeryo ng hustisya.
- Mga munisipalidad

Kaugnay na impormasyon

- Ang mga aplikasyon ng [Alberta Restorative Justice Grant](#) ay makikita sa online.

Mga katanungan sa media

Chinenye Anokwuru

780-720-1915
Senior Press Secretary, Justice